Colors, Future!
いろいろって、未来。
川崎市

# Ika-59 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

**Pinamatnugan at inilathala ng:**
**Opisina ng Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mamamayan at Kultura, Lungsod ng Kawasaki, Marso 27, 2017**

(Wikang Hapon) http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html

(Wikang Hapon na madaling maintindihan) http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html

## 〈Pagsali sa Kawasaki Citizens' Festival〉

Ngayong taon, ay muling sumali ang mga kinatawan ng dayuhan sa ika-39 na Kawasaki Citizens' Festival na ginanap noong ika-6 ng Nobyembre, Linggo.

Sa araw ng parada, sumali ang mga kinatawan at pati na rin ang kanilang pamilya at mga kakilala. Suot ang iba't ibang pambansang damit, nakisali ang mga kinatawan sa parada. Sa tent naman, mayroong pagtikim ng tsaa ng iba't ibang bansa, quiz ng mga bandila, stamp rally, larong pangingisda, at iba pa. Dahil sa mga aktibidad na ito, nagawa naming makihalubilo sa mga mamamayan. May mga taong nagbanggit na nakita nila ang mga kinatawan sa parada, at para sa amin, kami ay natutuwa na ibinanggit nila sa amin ito.














# Pagsaganap ng Open Forum

Ang open forum para sa taong 2016 ay ginanap noong ika-20 ng Nobyembre, Linggo sa Takatsu Shiminkan. Ngayong taon, ay may 70 katao ang dumalo. Ginanap ito mula alas dos hanggang alas singko ng hapon.

Ang tema ay “Ano ang dapat gawin upang mas mapabuti ang Lungsod ng Kawasaki?”. Base sa temang ito, nagkaroon ng group discussion sa unang bahagi ng forum. Sa loob ng isang oras, Itinalakay ng anim na grupo ang 1) Pag-alaga ng bata, at edukasyon, 2) Pag-aaral ng Japanese, 3) Disaster prevention, at 4) Iba pang ideya. Sa ikalawang bahagi naman, ay iprinisenta ng bawat grupo ang napag-usapan. Matapos nito, ay nagbigay ng komento ang propesor ng Yokohama City University na si Mioko Tsuboya.









Mula sa mga sumali, kami ay nakatanggap ng mga komento kagaya ng “Napakabuti na nagkaroon ng oportunidad upang makipag-usap sa mga taong galing sa iba’t-ibang bansa, at mga taong may iba’t ibang ekspiryensya”, “Ang bawat dumalo ay nagawang magbigay ng kanilang sariling opinyon. Ngunit sa aking tingin, upang masolusyonan ang mga problema, ay importanteng magkaroon ng seryosong pagsisikap”, “Unang beses kong sumali, at sa aking palagay, may mataas na pangarap ang mga kinatawan upang ipabuti ang Lungsod ng Kawasaki”, at iba pa.

Pagkatapos ng forum ay mayroon pagsasalo. Kahit na saglit lang, naituloy namin ang masayang diskusyon kasama ang mga sumali sa forum. Maraming salamat sa mga dumalo sa open forum.

◆ Impresyon sa Open Forum

Kahit na mas kaunti ang mga nakidalo kesa sa aming inaasahan, dahil dito nagawang makisali sa diskusyon ng bawat dumalo. Sa aking pinamunuang grupo, hindi lamang mga dayuhan ngunit pati na rin mga taong matagal nang nagsisikap para sa multi-kultural na pamumuhay o kaya pag-aaral ng Japanese. Dahil sa kanila, kami ay nakatanggap ng mabuting mga opinyon at ideya ukol sa mga hamong pinag-usapan. Nais naming gamitin ito sa mga susunod na delibirasyon.

(KIM, Sunok)

# Ulat sa Proseso ng Deliberasyon ng ika-11 na Termino

Natapos na ang unang taon ng ika-11 na Termino ng Pagpupulong ng Kinatawan ng Dayuhan. Noong Disyembre at Enero, inalala namin ang mga diskusyong ginawa sa groupwork at open forum. Gamit ito ay nagdesisyon ukol sa pag-gawa ng sub-komisyon na: “Sub-komisyon ng Impormasyon at Edukasyong Panlipunan” at “Sub-komisyon ng Pamumuhay sa Lokal na Komunidad”. Mula ngayon ay magkakaroon ng mas malalim na pag-uusap. Ang Sub-komisyon ng Impormasyon at Edukasyong Panlipunan ay mag-uusap tungkol sa “Impormasyon (tulad ng website o applications)”, “Pag-aaral ng Japanese para sa mga matanda”, at “Orientation Course para sa mga dayuhan”. Ang Sub-komisyon ng Pamumuhay sa Lokal na Komunidad naman ay mag-uusap tungkol sa “Pag-aalaga ng bata (Pagbubuntis, Panganganak, at Panahon ng Sanggol)”, “Sakuna at Pagprepara sa Sakuna”, at “Pangangalagang Medikal at Ospital”.

HE, Jia Hui, Tagapangulo

■ **Pagbati mula sa mga Tagapangulo ng Seksyon**

< *Sub-komisyon ng Impormasyon at Edukasyong Panlipunan* >

Nag-desisyon na tungkol sa mga seksyon ng ika-11 na Termino ng Pagpupulong ng mga Kinatawan ng Dayuhan. Mula ngayon ay magkakaroon ng mas malalim na diskusyon ukol sa mga napiling tema. Bilang tagapangulo ng seksyon, nais kong mamuno upang magkaroon ng mabuting panukala na makakapagbigay ng kahit na kaunting lutas sa mga problemang hinaharap ng maraming mamamayan. Nais kong ibigay ang lahat ng makakaya upang mapabuti ang Lungsod ng Kawasaki para sa lahat ng mamamayan nito.

PETERSON, Cari, Tagapangulo ng Seksyon

< *Sub-komisyon ng Pamumuhay sa Lokal na Komunidad* >

May 30 taon na akong naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki. Upang ipakita ang aking utang na loob sa Kawasaki, ako ay sumali bilang Kinatawan ng mga Dayuhan. Ngayon, aking tinanggap ang responsibilidad ng tagapangulo ng seksyon. Gagawin ko ang aking makakaya upang magkaroon ng mabuting panukala gamit ang mga opinyon at hiling ng karamihan.

KIM, Sunok, Tagapangulo ng Seksyon

# Nais mo bang makinig sa meeting?

**——Iskedyul ng Pagpulong ng ika-11 na Termino——**

Lugar: Kawasaki International Center (10 minutes na lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi, Toyoko at Meguro Lines)
Mapa: http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml
Oras: mula 2pm hanggang 5pm

＜Termino ng taong 2017＞

【Ika-unang meeting】
Unang Araw　Abril 23, Linggo　　Ikalawang Araw　Mayo 21, Linggo

【Ika-dalawang meeting】
Unang Araw　Hunyo 25, Linggo　　Ikalawang Araw　Setyembre 3, Linggo

【Ika-tatlong meeting】
Unang Araw　Oktubre 15, Linggo　　Ikalawang Araw　Disyembre 10, Linggo

【Ika-apat na meeting】
Unang Araw　Enero 21, Linggo　　Ikalawang Araw　Pebrero 18, Linggo

＊＊＊＊＊＊＊

**Ang meeting ay pwedeng daluhan ng kahit sino. Halina’t makibahagi sa pagpupulong!**

## Para sa lahat ng nakatira sa Lungsod ng Kawasaki na taga-ibang bansa

Listahan ng mga pangunahing administrative service counters at numero ng telepono para sa mga dayuhang residente sa siyudad ng Kawasaki




Ang "Para sa lahat ng nakatira sa Lungsod ng Kawasaki ng taga-ibang bansa" ay booklet na naglalaman ng listahan ng mga administrative service counters at numero ng telepono para sa mga dayuhang residente ng Kawasaki. Ang mga numero ay nakagrupo base sa kategorya kagaya ng "Sa panahon ng emerhensiya", "Pagreshistro ng mga residente/Residence System", "Social Insurance • Pensyon", "Kapakanan at kalusugan", "Edukasyon • Kultura", "Pamumuhay at Konsultasyon", at iba pa. Nakasulat ito sa walong lingwahe: Japanese, Ingles, Chinese, Korean, Portuges, Espanyol, Tagalog, at Vietnamese, kaya maaari itong basahin kahit ng mga hindi magaling sa Japanese.

Ang booklet ay pwedeng makuha mula sa bawat ward office at shiminkan, pati na rin sa International Center. Pwede din ito ma-access mula sa website.

http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000049029.html

(VILAMAR, Jerry)

## Inirerekumendang lugar sa mundo: "Amazon ng Brazil"

Ang ilog ng Amazon, na nagmumula sa Andes ng South America, ay may habang 6,516km. Tinuturing itong ikalawang pinakamahabang ilog sa mundo. Ang basin nito ay may lawak na 7,050,000 square kilometers, pinakamalawak sa mundo, at may 18 beses sa laki ng Japan.

Ang rainforest na nasa kalawakan ng Amazon River Basin, ay isang kabang-yaman ng iba't ibang uri ng hayop. Mayroon itong 3,000 uri ng isda kagaya ng pirarucu na napakalaking isdang may habang 2m, piranha na kilala sa pagkain ng laman. Mayroon ding 250 uri ng mamalya kagaya ng unggoy at dolphin. At marami ding mga reptiles ang naninirahan dito. Noong 2003, ito ay naging World Natural Heritage. Ngunit kumpara sa laki nito noong taong 1967, sinasabing ang rainforest ay lumiit ng 20%, at nagpapatuloy ang seryosong pagkawasak ng kapaligiran.

Ang Amazon ay nangunguna ring turistang lugar sa Brazil. Kung pupunta sa Amazon Jungle, maaaring matulog sa hotel ng Amazon, at sumali sa mga tour nito. May tour para sa pangingisda ng piranha, pagtingin ng buwaya, cruise gamit ang canoe, at paglalakad sa jungle. Maliban sa jungle, marami ding pwedeng puntahan, kagaya ng Manaus na punong lungsod ng Amazon. Dito ay may mga historic monuments kagaya ng Amazon Theater na iginawa kagaya ng Paris Opera.



(KAMATA, Fatima)


**【Para sa tanong】**

**Opisina ng Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mamamayan at Kultura, Lungsod ng Kawasaki**

210-0007 Kawasaki Frontier Building 9th Floor, Ekimaehoncho 11-2, Kawasaki-ku Kawasaki City

Tel : 044-200-2359　　Fax : 044-200-3914　E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp


Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi hinggil sa Newsletter at Pulong nga mga Kinatawan


Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.

古紙パルプ配合率70%再生紙を使用